

# Alameda Alliance for Health

## Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan ng PG&E



### Manatiling handa para sa Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan (Public Safety Power Shutoffs, PSPS) ng PG&E.

Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan ka at ang iyong pamilya na manatiling malusog at ligtas.

Ang programang Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan (PSPS) ng PG&E ay nakakatulong na panatilihin ang ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagpapaliit sa posibilidad na magkaroon ng mga wildfire. Posibleng maabala ng PSPS ang serbisyo sa kuryente sa ilang bahagi ng Alameda County kapag mainit, tuyung-tuyo ang paligid, at mahangin para mapaliit ang posibilidad na magsindi ang equipment nito, na puwedeng magpasimula ng wildfire. Puwede ring magkaroon ng mga hindi planadong brownout dahil sa lagay ng panahon, sunog, o iba pang dahilan.



**Kung gumagamit ka ng de-kuryenteng matibay na medikal na kagamitan (gaya ng wheelchair, ventilator, oxygen monitor, atbp.), magparehistro sa Medical Baseline Program ng PG&E ngayong araw.**

Para magparehistro, tumawag o bumisita sa website ng PG&E:

Toll-Free: **1.800.743.5000** | <https://bit.ly/3sseDhR>

**Available ang Medical Baseline Program ng PG&E sa mga customer ng PG&E nang walang bayad.** Nagbabahagi ng mga alerto ang programang ito bago pa magkaroon ng PSP, at puwede itong makatulong na pababain ang rate ng iyong buwanang bill ng kuryente.

Sa panahon ng mga pag-aatas sa emergency sa pampublikong kalusugan at pag-aatas na manatili sa bahay sa panahon ng COVID-19, **puwedeng ikaw ang magsertipika sa pagiging kwalipikado mong magpatala sa Medical Baseline Program.** Sususpindihin din ng PG&E ang mga muling pagsesertipika at pag-aalis ng customer sa panahong ito. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa [www.pge.com](http://www.pge.com).

#### Mga Halimbawa ng Mga Nagkakwalipikang Medikal na Kundisyon at Device:

- Hika/Sleep Apnea
- Machine para sa Hemodialysis
- Makina para sa Intermittent Positive Pressure Breathing (IPPB)/ Continuous Positive Airway Pressure (CPAP)
- Mga De-motor na Wheelchair
- Multiple Sclerosis
- Mga Respirator
- Mga Espesyal na Pangangailangan sa Heating/Cooling



Tingnan ang susunod na page para sa sunud-sunod na hakbang sa kung paano magpatala sa Medical Baseline Program ng PG&E.

# Sunud-sunod na Hakbang




## HAKBANG 1

Bisitahin ang page ng Medical Baseline Program ng PG&E sa <https://bit.ly/3sseDhR>.

## HAKBANG 2

I-click ang **Mag-apply Ngayon**.



## HAKBANG 3

Sagutan ang Aplikasyon para sa Medical Baseline Program. Punan ang lahat ng kinakailangang field.

## HAKBANG 4

I-click ang **Isumite**.

**Tandaan:** Hindi kinakailangan ng lagda ng kwalipikadong medikal na practitioner sa ngayon.

Para sa higit pang tip at resource na makakatulong sa iyong manatiling handa para sa PSPS at iba pang pampublikong emergency, bumisita sa [www.alamedaalliance.org/about/state-of-emergency-resources](http://www.alamedaalliance.org/about/state-of-emergency-resources).

**May mga tanong? Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance:**

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm (PST)

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may problema sa pandinig at pagsasalita

(CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

ALAMEDA  
**Alliance**  
FOR HEALTH

MS\_PSPS 01/2021